

# Ulat ng Pamahalaan sa Phase 2 ng Grenfell Tower Inquiry: Taunang Ulat 2026

Ika-25 ng Pebrero, 2026

## Mga Nilalaman

Ulat ng Pamahalaan sa Phase 2 ng Grenfell Tower Inquiry: Taunang Ulat 2026 .....	1
Paunang Salita ng Ministro .....	2
Ehekutibong Buod .....	3
Mga kaugnay na anunsyo at dokumentong inilathala kasabay ng ulat na ito .....	7

## Paunang Salita ng Ministro

Ang sunog sa Grenfell Tower noong Hunyo 14, 2017 ay kumitil ng 72 mahahalagang buhay. Mag-iwan ito ng marka sa mga pamilya, sa komunidad, at sa ating bansa sa mga darating na taon. Ang tapang at pagpupursige ng mga naulila, mga nakaligtas, at ng mas malawak na komunidad ng North Kensington ay patuloy na nagbibigay-inspirasyon sa marami.

Tandaan natin palagi na ang trahedyang ito ay hindi sana nangyari kung hindi dahil sa mga pagkukulang ng pamahalaan, industriya, at mga tagapangasiwa. Maiiwasan sana ang trahedyang ito, at dapat ay naiwasan ito. Hindi man natin mababago ang nakaraan, maaari nating harapin nang tapat ang mga aral nito, kumilos nang may paninindigan, at tiyaking hindi na mauulit ang ganitong matinding kabiguan.

Tinanggap ng pamahalaan ang lahat ng rekomendasyon ng Grenfell Tower Inquiry, ngunit nangako rin ito ng mas malawak na pangako: ang pagpapatupad ng malinaw at pangmatagalang mga reporma na matagal nang hinihiling at nararapat sa mga residente—upang matiyak na ang mga tao sa buong bansa, lalo na ang mga nakatira sa social housing, ay magkakaroon ng mas ligtas at mas maayos na tahanan bilang direktang legacy ng trahedyang sa Grenfell. Ibabalik namin ang tiwala sa pamamagitan ng pag-una sa kapakanan ng tao, pagpapatibay ng mga proteksiyon, at pagtiyak na ang mga nagdidisenyo, nagtatayo, at namamahala ng mga gusali ay sumusunod sa pinakamataas na pamantayan.

Ang unang taunang ulat na ito matapos ang Grenfell Tower Inquiry ay naglalahad ng mga naging progreso: mas mahigpit na pagbabantay, mga reporma sa mga materyales sa konstruksiyon, mas malinaw na mga gabay, mas mataas na pamantayang propesyonal, mas pinaigting na pagpapatupad ng batas, mas mabilis na pagsasaayos, at mas maayos na paghahanda para sa mga emerhensiya.

Ngunit marami pang kailangang gawin. May mga repormang nangangailangan ng batas, at mayroon ding nangangailangan ng pangmatagalang pagbabago sa kultura. Nakatuon kami na maisakatuparan ito pareho. Patuloy kaming nakikipagtulungan upang suportahan ang Memorial Commission at ang komunidad habang pinaplano nila ang isang pangmatagalang memorial. Sa mga darating na linggo, magkakaroon ng mahalagang hakbang tungo rito habang ipapasa ang batas na magbibigay sa amin ng kapangyarihang pondohan ang nasabing memorial.

Tungkulin naming tiyakin na ligtas ang mga tao sa kanilang mga tahanan at panatag ang kanilang pakiramdam, at hindi na mauulit ang mga pagkukulang na nagbanta sa kanilang kaligtasan noon. Hindi magbabago ang aming dedikasyon sa tungkuling ito.

### **The Rt Hon Steve Reed OBE MP**

Kalihim ng Estado para sa Pabahay, mga Komunidad, at Pamahalaang Lokal

## Ehekutibong Buod

1. Ang trahedyang sa Grenfell Tower ay isang pangyayaring hindi sana nangyari. Pitumpu't dalawang inosenteng buhay ang nawala dahil sa sunog, sa isang lugar na dapat sana'y pinakaligtas at naging ligtas sila.
2. Isang taon na ang lumipas mula nang ilabas ng pamahalaan ang tugon nito sa Ikalawang Yugto ng Grenfell Tower Inquiry—isang araw na muling nagbukas ng malalim at masakit na alaala ng mga lubhang naapektuhan ng trahedyang.
3. Nanatiling matatag ang mga komunidad ng Grenfell Tower, Lancaster West Estate, at North Kensington sa kanilang hangaring makamit ang pagbabago, at nananatiling nakatuon ang pamahalaan sa pagpapatupad ng makabuluhan at pangmatagalang reporma.
4. Ang gawain ni Sir Martin Moore-Bick at ng kanyang pangkat sa Ikalawang Yugto ng Inquiry ay nagbunga ng 58 rekomendasyon. Tinanggap ng pamahalaan at ng iba pang mga organisasyong may pananagutan ang lahat ng rekomendasyong ito.
5. Bilang tugon sa Inquiry, inilahad ng pamahalaan ang mga plano upang maisakatuparan ang mga ito, at binanggit na aabutin ng hindi bababa sa apat na taon dahil ang ilang rekomendasyon ay nangangailangan ng bagong batas. Isinasagawa na ang lahat ng rekomendasyon, at nananatili kaming nasa tamang landas upang matapos ang mga ito sa itinakdang panahon.
6. Hanggang ika-25 ng Pebrero 2026, iniulat ng pamahalaan ang pagpapatupad, pagkumpleto, at pormal na pagsasara ng 12 rekomendasyon, kabilang ang dalawa sa natitirang rekomendasyon mula sa Yugto 1. Inaasahan naming maisasara ang 70% ng mga rekomendasyon bago matapos ang 2026.

<b>Tema</b>	<b>Bilang ng mga rekomendasyon</b>	<b>Isinasagawa pa</b>	<b>Nakumpleto na</b>
Ang industriya ng konstruksyon	28	24	4
Serbisyo sa Sunog at Pagsagip	13	9	4
Pagresponde at pag-recover	14	14	0
Mga bulnerableng tao at mga rekomendasyon mula sa Phase 1	6	2	4
<b>Kabuuan</b>	<b>61</b>	<b>49</b>	<b>12</b>

7. Naglabas ng mga ulat sa progreso noong Mayo, Setyembre, at Disyembre 2025 na naglalaman ng mga gawaing isinagawa para maisulong ang bawat rekomendasyon at mahahalagang pagbabago sa mas malawak na reporma.
8. Inilalahad ng sumusunod na taunang ulat ang detalyadong tala ng mga gawaing isinagawa sa nakaraang taon, kasama ang mahahalagang hakbang na nakamit at mga plano para sa darating na taon at sa mga susunod pa. Ipinapakita nito ang patuloy na pagsisikap na palakasin ang mga sistema at proseso sa sektor ng konstruksyon upang maprotektahan ang mga residente at matiyak ang kaligtasan ng mga gusali. Hinati ang ulat sa mga tematikong kabanata na nakaayon sa tugon ng pamahalaan noong Pebrero 2025, at naglalaman ang annex ng update sa progreso ng bawat rekomendasyon pati ang iskedyul ng pagpapatupad para sa mga rekomendasyong nananatiling hindi pa tapos.
9. Kabilang sa mahahalagang progreso at mga pag-unlad noong 2025 ang:
- 10. Pagpapalakas ng sistema ng kaligtasan sa gusali at sunog.** Sa nakalipas na taon, nakamit namin ang malinaw na progreso tungo sa mas maayos at may pananagutang balangkas ng regulasyon. Pinag-isa na ngayon sa iisang pamumuno ng departamento ang kaligtasan ng gusali, kaligtasan sa sunog, at pagtugon sa emerhensiya, upang maging mas maayos at magkakaugnay ang pagbabantay sa panganib at pagpapatupad ng mga regulasyon. Noong [27 Enero 2026](#), itinatag ang Building Safety Regulator (BSR) bilang isang hiwalay na legal na entidad. Inilipat ito mula sa Health and Safety Executive upang maging isang independiyenteng ahensiya sa ilalim ng Ministry of Housing, Mga Komunidad at Pamahalaang Lokal—isang mahalagang hakbang tungo sa pagkakaroon ng iisang tagapag-regula sa sektor ng konstruksyon. Pinangunahan ng BSR ang pagpapabuti sa kultura at pamantayan sa sektor ng pagtatayo, at nagsasagawa ngayon ang pamahalaan ng karagdagang mga hakbang upang matiyak na ang sistema para sa mga gusaling may mataas -na panganib ay gumagana nang wasto at epektibo. Kasabay ng pagbabagong ito, [inilunsad ang isang konsultasyon](#) tungkol sa paglalapat ng building control sa mga gawaing pang-telekomunikasyon. Layunin ng mga panukala na mabawasan ang pressure sa sistema, mapabuti ang pagkakapare--pareho, at matiyak na nakatuon ang kadalubhasaan ng BSR sa pinakakumplikado at may pinakamataas na panganib na mga proyekto. Ipinapakita ng mga pagbabagong ito ang pangako ng pamahalaan na ituon ang gabay at kaalaman sa mga lugar na higit na nangangailangan, habang pinagsasama ang mga gawain ng regulasyon at kakayahan ng industriya.
- 11. Pagsusulong ng malawakang reporma sa sistema sa pamamagitan ng mas malinaw na mga patakaran at inaasahan.** Patuloy naming pinatatatag ang mga patakaran na sumusuporta sa ligtas na pagdidisenyo, konstruksyon, at pamamahala ng mga gusali. Nakatuon ang aming gawain ngayong taon sa paglilinaw ng mga inaasahan at pagtugon sa mga kakulangang natukoy ng Inquiry, upang patuloy kaming makausad nang mabilis sa susunod na yugto ng pagpapatupad.

Kabilang dito ang Construction Products Reform White Paper, na inilathala kasabay ng ulat na ito, na nagmumungkahi ng malawakang pagbabago upang mapalakas ang pagbabantay at matugunan ang mga kakulangan sa regulasyon, upang matiyak na ang mga produkto ay nasusuri, nasertipikahan, at nagagamit nang tama. Upang mapabilis ang reporma sa mga produktong pang-konstruksyon, naglalathala kami ng isang konsultasyon kasabay ng white paper tungkol sa pangkalahatang panuntunan sa kaligtasan na magpapasailalim sa mga hindi pa reguladong produkto sa sistema ng regulasyon. Balak naming magpanukala ng karagdagang batas sa huling bahagi ng taong ito. Bukod dito, patuloy ang pagsulong ng masusing pagsusuri sa opisyal na gabay sa kaligtasan ng mga gusali. Sinimulan ng BSR ang paghubog ng pagsusuri, malawak na nakipag-ugnayan sa sektor, at noong Hulyo 2025 ay nagtalaga ng isang pangkat ng mga eksperto upang tumulong at magbigay ng gabay sa pagsusuri. Inaasahang ilalabas ang paunang ulat sa tagsibol ng 2026.

**12. Pagpapataas ng kakayahan at kahusayan sa buong sektor ng pagtatayo.** Kasunod ng mga pangakong ginawa noong Pebrero 2025, nagsagawa kami ng mahahalagang hakbang upang mapabuti ang pamantayang propesyonal sa konstruksyon, inhinyeriyang pangkaligtasan sa sunog, pangangasiwa sa mga gusali, at pagtatasa ng panganib sa sunog. Sa nakalipas na taon, nagsimula nang mailatag ang mga bagong teknikal na gabay, balangkas ng kakayahan, at malawakang pakikipag-ugnayan sa buong sektor upang mabuo ang mas matatag at mas pareparehong kulturang propesyonal na hinihingi ng Inquiry. Kasabay nito, nagsimula na rin ang nakatuong pamumuhunan upang mapalawak ang kakayahan ng mga manggagawa sa mahahalagang larangan na tumaas ang pangangailangan. Noong 2025, mahigit 1,200 propesyonal sa inhinyeriyang pang-sunog, pangangasiwa sa mga gusali, at konstruksyon ang nakatapos ng na-update na pagsasanay sa kakayahan na nakaayon sa mga bagong balangkas. Ang pahayag sa kakayahan ng Fire Engineers Advisory Panel ay pinagtibay na ng 35 institusyon ng mas mataas na edukasyon at nagsisilbing gabay sa na-update na mga programa sa degree at patuloy na propesyonal na pagsasanay (CPD). Sinuri ng Building Control Independent Panel ang mahigit 220 isinumiteng ebidensya upang mabuo ang mga rekomendasyon nito, na inaasahang ilalabas sa huling bahagi ng 2026.

**13. Pagpapalakas ng pananagutan at pagpapatupad ng mga patakaran.** Nakatuon kami sa pagtiyak na pananagutin ang mga may tungkulin sa kaligtasan ng mga tao kapag hindi nasusunod ang mga pamantayan. Sa nakalipas na taon, pinagsama-sama ng pamahalaan ang mga bagong kasangkapan sa regulasyon, pinalawak ang kakayahan sa pagpapatupad, at nagpatupad ng mas mahusay na paraan sa pagsubaybay ng pagganap. Kabilang dito ang paglikha ng mga bagong paraan ng interbensyon kapag patuloy ang panganib sa kaligtasan at ang pagsuporta sa mga lokal na regulator upang makakilos nang mas mabilis at mas epektibo. Sa nakalipas na taon, naglabas ang mga lokal na regulator ng 124% na mas maraming pormal

na abiso at nagsagawa ng 140% na mas maraming inspeksyon kumpara sa nakaraang taon. Sinuportahan ng Joint Inspection Team ang mahigit 110 pagsusuri sa mga gusali, na humantong sa 15 aksyong pagpapatupad kung saan nanatiling hindi nalutas ang mga panganib. Ang Remediation Enforcement Unit ay magiging ganap na kumpleto sa tauhan bago matapos ang Marso 2026, na magbibigay-daan sa direktang interbensyon sa mga gusaling may pinakamataas na panganib.

**14. Pagsuporta sa mga residente at paglalagay ng kanilang boses sa sentro ng mga desisyon.**

Mula noong Pebrero 2025, pangunahing prayoridad ang pagpapalakas ng karapatan ng mga residente, pagpapabuti ng transparency, at pagtiyak na ang kanilang mga alalahanin ay agad at maayos na natugunan. Sa nakalipas na 12 buwan, isinulong namin ang mga reporma sa regulasyon para sa mga residente ng social housing, pinahusay ang mga paraan para maipahayag ang kanilang saloobin, pinalawak ang pagsasanay at suporta para sa kanila, at patuloy na nakipagtulungan sa mga naapektuhan ng trahedyang Grenfell Tower upang matiyak na ang kanilang mga karanasan ay patuloy na nagiging batayan sa pagbuo ng mga polisiya. Sa nakalipas na taon, mahigit 4,500 residente ang nakinabang sa pagsasanay at impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan sa pamamagitan ng mga programang pinondohan ng pamahalaan. Samantala, ang pinalawak na Resident Panel ay direktang nakapag-ambag sa mahigit 20 desisyong pampatakaran, kabilang ang mga hakbang sa transparency at pagresolba ng mga reklamo. Umabot sa tinatayang 1.8 milyong nangungupahan ang kampanyang Make Things Right, na nagresulta sa kapansin-pansing pagtaas ng maagang pag-uulat ng mga isyu.

**15. Pinapabilis ang pagsasaayos at pagpapahusay ng suporta para sa mga nakatira sa mga apektadong gusali.**

Nanatiling pangunahing pokus ng aming gawain ang pagtiyak na ang mga tahananang may malulubhang isyu sa kaligtasan ay ginagawang ligtas. Sa nakalipas na taon, nagsagawa kami ng mga hakbang upang alisin ang mga hadlang sa pagsasaayos, palakasin ang pananagutan ng mga may responsibilidad sa mga hindi ligtas na gusali, at suportahan ang mga residenteng nakararanas ng pagkaantala o kawalan ng katiyakan. Pagsapit ng katapusan ng Disyembre 2025, 2,168 gusali ang nakapagsimula o natapos na ng mga gawaing pagsasaayos, kabilang ang 1,475 na natapos na. Natukoy na ng mga developer ang paraan ng pagsasaayos para sa 93% ng mga gusaling saklaw ng Developer Contract, at nasimulan o natapos na ang trabaho sa 41% ng mga gusaling may kumpirmadong depekto. Natapos na ng Cladding Safety Scheme ang paunang pagsusuri sa lahat ng tala ng Ordinance Survey para sa mga gusaling may apat na palapag pataas. Inilalahad ng ulat ang mga nagawang progreso, kabilang ang pinalakas na kapangyarihan sa regulasyon, mga bagong paraan ng pagbabantay, at pakikipagtulungan sa industriya upang mapabilis at mapabuti ang kalidad ng pagsasaayos.

**16. Pagpapalakas ng pambansang kahandaan at pagpapabuti ng paghahanda sa mga emerhensiya.**

Ngayong taon, kumilos kami batay sa mga rekomendasyon ng Inquiry tungkol sa

pagtugon sa emerhensiya. Nakatuon ito sa pagpapabuti ng koordinasyon sa lokal at pambansang antas, pagpapalakas sa papel ng mga Kategoriya 1 na responders, at pagtiyak na sentro ng pagpapalano at paghahanda ang pangangailangan ng mga bulnerableng residente. Ang na-update na pambansang gabay at mas malinaw na inaasahan para sa mga katuwang ay sumusuporta sa mas matatag na sistemang kayang tumugon nang epektibo sa mga komplikadong emerhensiya. Noong 2025, mahigit 2,000 tumutugon sa emerhensiya ang nakatapos ng bagong pagsasanay na nakaayon sa na-update na National Resilience Standards at Amber Book. Limang LRF Trailblazer na lugar ang kasalukuyang sumusubok ng pinagsamang modelo ng pamumuno sa kahandaan, at inaasahang lalabas ang mga paunang resulta sa tag-init ng 2026. Inilathala noong Abril 2025 ang binagong gabay sa pagsuporta sa mga bulnerableng residente, kasabay ng na-update na mga inaasahan para sa mga legal na tungkulin ng mga lokal na pamahalaan.

## **Mga kaugnay na anunsyo at dokumentong inilathala kasabay ng ulat na ito**

17. Inanunsyo ng pamahalaan na malapit na itong magpanukala ng batas upang maisagawa ang pagtatayo at pangangalaga ng Grenfell Tower Memorial. Ang alaala na ito ay magbibigay-parangal sa mga nasawi at sa mga taong ang buhay ay tuluyang nabago dahil sa trahedyang ito. Ito ay magiging isang lugar ng dangal at kapayapaan kung saan maaaring mag-alala, magnilay, at magbigay-galang ang mga tao. Alinsunod sa rekomendasyon ng independent panel, magkakaroon din ng isang pribado at sagradong lugar ng paggunita para sa mga lubhang naapektuhan ng trahedyang ito. Nakatuon ang pamahalaan sa pagsuporta sa independent Grenfell Tower Memorial Commission at sa komunidad sa paglikha ng isang angkop at pangmatagalang memorial, upang matiyak na hindi kailanman makakalimutan ang mga naapektuhan at ang mga nasawi sa trahedyang ito.
18. Isinusulong ng pamahalaan ang isang malawakang programa ng reporma upang palakasin ang balangkas para sa mga produktong pang-konstruksyon at matiyak ang mas matibay, malinaw, at mapagkakatiwalaang sistema. Bilang tugon sa construction products reform green paper, naglathala ang pamahalaan ng white paper na naglalaman ng malinaw na mga polisiya at susunod na hakbang, na nakatuon sa pagpapabuti ng kaligtasan at pananagutan. Upang maisulong ang reporma, nagsasagawa rin ang pamahalaan ng konsultasyon tungkol sa pangkalahatang panuntunan sa kaligtasan upang maisailalim sa regulasyon ang mga produktong hindi pa saklaw nito, at may planong magpanukala ng karagdagang batas sa huling bahagi ng taong ito, depende sa iskedyul ng Parlamento.
19. Nanatiling nakatuon ang pamahalaang ito sa pagtiyak na panatag ang mga residente sa kanilang mga tahanan, malinaw ang mga inaasahan at pananagutan, at may sapat na impormasyon ang industriya upang magampanan ang kanilang mga tungkulin. Ito ang nagsisilbing pundasyon ng

aming pangakong ipatupad ang lahat ng tinanggap na rekomendasyon at tiyaking hindi na mauulit ang mga pagkukulang na humantong sa trahedya sa Grenfell Tower.